


# KUMPUNIHIN ANG MGA DIKE, PILAPIL, AT KANAL NG IRIGASYON

## Mga gawain sa bukid

- Panatilihing malinis ang mga dike na may taas na 15 sentimetro at lapad na 20 sentimetro.
- Siguraduhing dalawa hanggang limang sentimetro lamang ang lalim ng tubig sa palayan tuwing nagpapatubig.
- Paagusin ang sobrang tubig sa palayan pagkatapos ng malakas na ulan.



## Pakinabang

- Walang mapamamahayan ang mga peste.
- Maiiwasan ang pagtagas ng tubig dahil siksik ang lupa.
- Nakatutulong upang magkaroon ng pantay na distribusyon ng tubig at magandang *drainage* o pagpapalabas ng tubig.
- Ang pagpapakawala ng tubig ay nagtatanggal ng mga nakalalasong bagay, nakatutulong na mabulok ang mga organikong bagay, at nagpapatatag at nagpapatibay ng ugat ng mga halaman.

Ang patag na lupa ay nakapagpapanatili ng pantay na patubig, abono, at paggulang ng palay, at nakatutulong sa maayos na pamamahala ng mga damo at kuhol.




# MAGTANIM NG PUNO SA PALIGID NG PALAYAN

## Pakinabang

- Nagsisilbing panangga sa hangin o *windbreak*. Mainam na gawing *windbreak* ang kawayan dahil hindi kaagad ito nabubuwal at may maraming gamit sa pagsasaka.
- Maaaring gamiting pataba ang mga nabulok na dahon at ugat ng puno.
- Pinananatili ang halumigmig o *relative humidity* sa ibabaw ng lupa.
- Nagsisilbing tirahan at pinagkukunan ng pagkain ng mga kaibigang organismo. Ang paggamit ng mga likas na kaaway ng peste sa palayan ay makakalikasan, tipid sa gastos sa pagbili ng pestisidyo, at ligtas sa mga magsasaka at kapaligiran.
- Nagpipigil sa pagguho ng lupa ang mga ugat ng puno.
- Pwedeng panggatong o uling ang mga naputol na sanga.

## Gabay sa pagtatanim

- Siguraduhing may layong tatlong metro ang bawat puno at 20-25 metro bawat hanay upang hindi maharangan sa sinag ng araw ang iba pang pananim.

> Sa pagtatanim ng punong kahoy, napoprotektahan na ang iyong pananim, maaari mo pang pagkakitaan ang mga ito.

Sinuri nina: Jasper G. Tallada at Ricardo F. Orge, Climate Change Center, Philippine Rice Research Institute

**Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested.**

creative commons